

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nagtatakda ang Lungsod ng groundwork para sa BramptonU sa hinaharap**

BRAMPTON, ON (Hulyo 24, 2020) – Sa araw na ito, inilabas ng Lungsod ang isang preview ng mahalagang strategic na mga elemento ng panukala nito na dalhin ang isang ganap, accredited na unibersidad sa Brampton.

Sa loob ng nakalipas na taon, nakipatulungan nang mabuti ang Lungsod sa mga stakeholder at pandaigdigang kilalang mga pang-edukasyong institusyon tulad ng Ryerson University, University of Guelph-Humber, The London School of Economics and Political Science, Queen Mary University of London, D2L at Algoma University, para makatulong sa pagsasabi sa plano nito sa sariling unibersidad, ang BramptonU, at isang bagong maliksi at makabagong model na pinanukala para sa edukasyong kasunod ng sekondarya sa Brampton.

Inanunsyo sa nakalipas na linggo, ang updated na [Major Capacity Expansion Policy Framework](#) ng Lalawigan para mga kolehiyo at unibersidad ay magbubukas ng pintuan para sa mga ganitong uri ng ekspansyon.

Nagpapatuloy ang trabaho sa pagbuo sa kumpletong panukala na isusumite sa Lalawigan ng Ontario sa kalaunan ng taglagas na ito:

- Itinatag bilang isang autonomous na pampublikong institusyon ng Batas ng Lalawigan ng Ontario, naglalayon ang Brampton University na maging isang ganap na komprehensibong pampublikong unibersidad na may humigit-kumulang 30,000 estudyante sa 2040.
- Ang pinanukalang komite sa pangangasiwa ng unibersidad ay magsasama ng umiiral na mga edukasyonal na partner, mga miyembro ng lokal na pamahalaan, mga stakeholder ng negosyo, at primarya at sekondaryong mga partner.
- Ang pokus ng programa ay uunahin ang lumalaking mga sektor, kabilang ang Digital na Transpormasyon, Inobasyon at Pagiging Sustainable, pati na rin ang aayon sa pang-ekonomiyang bahagi ng prayoridad ng Lungsod, kabilang ang: Makabagong Inobasyon sa Manufacturing, Inobasyon at Teknolohiya, Pagproseso ng Pagkain at Inumin, at Mga Agham sa Kalusugan at Buhay.

Nananatiling committed ang Lungsod sa pagbuo ng pangmatagalang relasyon ng mga ito sa umiiral na mga postsecondary partner, kabilang ang Ryerson University, Algoma University at Sheridan College. Ang mga institusyong ito ay patuloy na namumuhunan at lumalaki sa Brampton, lumilikha ng bagong pang-edukasyon at pang-ekonomiyang mga pagkakataon.

Mula Agosto 17 hanggang 19, si Mayor Patrick Brown, ang mga Konsehal at mga opisyal ng Lungsod ay sasali nang birtwal sa Taunang Kumperensya ng Association of Municipalities of Ontario (AMO). Ang Konseho ay patuloy na magtataguyod para sa pagpopondo at dinagdagang pakikipagtulungan sa mga mahalagang proyekto para sa lungsod, tulad ng BramptonU.

Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa BramptonU, bisitahin ang [www.bramptonu.ca](http://www.bramptonu.ca).

**Mga Quote**

“Sa loob ng nakalipas na ilang buwan, ang job market at ang mundo na pinagtatrabahuhan natin sa loob ay ganap na nagbago— pinapalaki ang pag-uusap sa mga skillset na pinaka-kailangan sa hinaharap. Bilang isa sa pinakamalaki at pinakamabilis na lumalaking mga lungsod sa Canada, mahalagang ang Brampton ay merong standalone na unibersidad para makatulong sa pagtaguyod ng ating talento na mahalagang parte sa pagiging resilient at tagumpay ng ating ekonomiya, lalo na sa mahalagang panahong ito. Pinapasalamat ko ang pagkilala ng Lalawigan sa nag-evolve at mahalagang ginagampanang papel ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya at inaasahan ang mas maraming mga talakayan kung paano tayo pinakamahusay na mamuhunan sa ating mga manggagawa sa hinaharap.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nakikita natin sa kasalukuyan nang personal kung paano nagbago ang tradisyonal na mga modelo ng kapwa trabaho at edukasyon, Ang ating panukala sa BramptonU ay ibinase sa isang bago, inobatibo at abot-kayang pamamaraan ng paghahatid ng edukasyon na naaayon sa nagbabagong landscape na ito, Ang solusyong ito na gawa sa Brampton ay makakatulong sa pagpapalago ng ating talento at pagpapatuloy sa kanila bilang mahalagang bahagi ng ating lumalaking ekonomiya.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Alam natin na 83% ng mga residente ng Brampton ay gusto ng unibersidad ng Brampton at 82% ng mga residente ng Brampton ay gusto ng mas flexible na mga programa ng unibersidad. Nakinig tayo sa ating kabataan tungkol sa mga uri ng pagkatuto at mga karanasan na hinahanap nila para paghandaan para sa mga manggagawa. Tinatanggap ang mahalagang tema na narinig natin at nakikipagtulungan sa mga edukasyonal na mga institusyon na kinilala sa mundo, kumpiyansa ako na tayo ay nakabuo ng modernong solusyon na tumutugon sa tunay na mga pangangailangan at nagtatakda sa ating mga kabataan para sa tagumpay sa hinaharap.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Ang bata pa at lumalaking pool ng talento ng Brampton ay mahalaga sa ating lungsod at sa pang-ekonomiyang paglago at pagiging competitive ng rehiyon. Patuloy ang Lungsod sa mahigpit na pakikipagtulungan sa mga lokal na negosyo, mga pang-edukasyong partner, mga stakeholder ng pamayanan at ibang antas ng pamahalaan para matiyak na ang ating plano para sa BramptonU ay tumutugon sa kasalukuyang mga pangangailangan at mga oportunidad sa hinaharap para sa ating mga employer at manggagawa.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)